**Research and Analysis Journals 5(12): 15-29, 2022**

**e-ISSN: 2589-9228, p-ISSN: 2589-921x**

**© 2022, RAJ**

**Research Article**

# Serbisita: Pagpapakilala SA Kulturang Bayanihan SA Irosin

**Sarah Janine D. Polo, MAED, Felisa D. Marbella, PhD**

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Paaralang Gradwado Lungsod Sorsogon

## Abstract:

Natiyak sa pag – aaral na ito ang makilala ang SERBISITA bilang kulturang bayanihan sa Irosin. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng desinyong deskriptib sarbey-analysis sa paglikom ng mga datos o impormasyon. Random sampling ang ginamit sa pagpili ng 560 na kalahok mula sa 28 na barangay ng Irosin.

Gumamit ang mananaliksik ng tseklist at nagsagawa ng interbyu sa pagkalap ng mga datos upang malaman ang mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa bawat barangay. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng frequency count at pagraranggo.

Maraming serbisyo ang ibinibigay ng SERBISITA sa bayan ng Irosin. Mayroon ng serbisyong Pangkabuhayan, Pantahanan, Pangkomunidad at Pangkalusugan. Ang mga ito ay malaking tulong lalong lalo na sa mahihirap na pamilya at sa pag-unlad ng lugar.

Ang SERBISITA ay mayroon ng ambag sa Pamumuhay, Pag-uugali at Paniniwala ng mga Irosanon. Malaki ang tulong na naibibigay ng SERBISITA sa mga Irosanon. Ang mga ito ay may impak sa Mamamayan, Pamumuhay, Kultura at Panitikan. Inirerekomenda na ang SERBISITA ay dapat na ipagpatuloy at pagyamanin pang lalo upang mas makilala pa ito. Ito ay maaaring gawan ng Municipal Resolusyon at mapaglaanan ng budget ng lokal na pamahalaan upang maipagpatuloy ito kahit na iba pa ang maupo sa pwesto sa bayan ng Irosin. Hikayatin ang mga mamamayan na suportahan pa at tangkilikin ang SERBISITA upang mas mapalawak ang ambag nito sa pamumuhay, pag-uugali at paniniwala. Maaaring hikayatin ang mga opisyal ng barangay, iba pang ahensya ng pamahalaan at mga pribadong organisayon na makiisa at makilahok sa gawaing ito upang mas maparami ang impak nito.

**Keywords: SERBISITA, pagpapakilala, kulturang bayanihan, Irosin.**

## Introduksyon

Sa panahong kinakaharap ng Pilipinas ang mga suliranin dulot ng COVID-19, dito napatunayan ang pagpapahalaga at pagpapatibay ng kulturang bayanihan ng mga Pilipino. Ayon kay Menguin (2021)[1], ang bayanihan ang pangunahing kaugalian na mayroon ang mga Pilipino. Naniniwala na ang lahat ay makakaya at malalampasan basta't sama-sama. Taon-taon ang Pilipinas ay nakakaranas ng mga malalakas na bagyo, pagputok ng bulkan, lindol at iba pang mga kalamidad. Sa kabila nito, ang mga Pilipino ay patuloy pa rin bumabangon na may ngiti sa mga labi sapagkat alam ng lahat na kahit sino ka man basta't nangailangan ka ng tulong maraming Pilipino ang laging bukas palad upang tumulong.

Isa sa pinakamahalagang kultura ng Pilipino ay ang Bayanihan. Ito ay isang katagang Pilipino na nagmula sa salitang "bayan" na tumutukoy sa isang komunidad na nagpapakita ng pagkakaisa para sa iisang layunin. (Llumin, 2016)[2] Kung noon tanging magkakabarangay o magkakapit-bahay lamang ang nagtutulungan, ngayon ito ay mas napalawak sapagkat gamit ang modernong teknolohiya madali ng makapagbigay ng tulong kahit nasaang panig ka man ng mundo.

Ayon kay Bagayas (2020)[3], ang espirito ng bayanihan ay mas lalong naipakita sa Pilipinas sa taong 2020 kung saan mas naging kailangan ito. Dahil sa ang mga tao ay napilitang manatili sa kani-kanilang tahanan, karamihan sa kanila ay gumamit ng social media upang makahanap ng paraan upang makatulong, makakuha ng impormasyon at makahingi ng tulong mula sa gobyerno at komunidad upang gumawa ng aksyon. Ang pagtulong sa kapwa ng walang hinihiling na kapalit ay isa sa pinagmamalaking kaugalin ng mga Pilipino na minana pa sa mga ninuno.

Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2020, ang naging tema ng pagdiriwang ay "Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika" Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan kontra Pandemya. Nakasentro ang tema ng Buwan ng Wika 2020 sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya. Ayon sa KWF (Komisyon sa Wikang Filipino), ito ay naglalayon na himukon ang bayanihan ng sambayanan upang masugpo ang patuloy na paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid-publiko na nasa Filipino at mga

katutubong wika. Ang paggamit ng Filipino at mga katutubong wika sa pagpapalaganap ng impormasyon o awareness tungkol sa COVID-19 sa panahon ng pag-iral ng kuwarentena ay nagbibigay daan upang sumibol ang bayanihan.

Napakaraming halimbawa ng bayanihan ang lumitaw sa kasalukuyang panahon isa na rito ang "Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan" mga salitang nakasulat sa karatula na ginawa ni Ana Patricia Non (2021)[4] sa kanyang Maginhawa Community Pantry na ang layunin ay makatulong sa kapwa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain. Ang simpleng pamamaraan na ito ay nagbigay ng matinding impak upang ang lahat ay magtulungan at magsagawa ng Community Pantry sa bawat sulok ng bansa. Ang Maginhawa Community Pantry ay nagsilbing bagong mukha ng kulturang bayanihan sa kasalukuyan. Dahil sa pagbabayanihan nagagawa nitong pag-isahin ang isang nasyon o maging ng buong mundo.

Isang malaking hamon ngayon sa bawat kawani ng gobyerno na makagawa ng hakbang at paraan kung paano makatulong sa mga mamamayan gamit mismo ang pera ng bayan. Alinsunod sa R.A 7160, Sek. 33,[5] ang mga lungsod, lalawigan at bayan ay maaaring ipag-isa ang kanilang hakbangin, serbisyo at yaman para sa simulaing kapaki-pakinabang sa lahat na naaayon sa batas. Ang batas na ito ay nagpapakita na ang diwa ng bayanihan ay maaaring madama o magawa sa mga lokal na pamahalaan. Ang mga lungsod, lalawigan at bayan ay maaaring magtulungan o magsama para makabuo ng isang programa o proyekto para sa ikakabuti ng mga mamamayan. Magandang pangitain ang ganitong mala-bayanihang kooperasyon sa pagitan ng mga lungsod, lalawigan at bayan. Halimbawa ito ng produktibong pakikipagtulungan na walang idudulot kung hindi magandang resulta at pamantayan para sa mga bubunuing hamon na darating.

Ang Sorsogon ay isa sa mga probinsiya na matatagpuan sa Rehiyong Bikol. Binubuo ito ng isang siyudad at 14 na bayan. Nahahati din ito sa dalawang distrito. Ang Irosin ay sinasabing second class na bayan sa ikalawang distrito ng probinsiya ng Sorsogon. Ayon sa 2020 sensus mayroon itong 59, 267 na populasyon at 11, 395 na kabahayan na nahahati 28 barangay. Ang bayan ng Irosin ay isa rin sa mga higit na naapektuhan ng Covid 19. Marami ang nawalan ng trabaho dala ng pagkalugi at pagsara ng ilang mga negosyo at mga nagkakasakit dahil sa mabilis na paghahawaan ng virus. Ilan lang ito sa malalaking hamon sa mga nanunungkulan sa bayan ng Irosin kung paano nila matutugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mamamayan sa hirap ng buhay sa kasalukuyan.

Alinsunod sa Municipal Resolution No. 102[6] na pinamagatang *Resolution Institutionalizing the SERBISITA sa Barangay Program by directing each LGU Department to provide specific allocation to IEC and direct services provision relevant to their respective offices' service delivery*, ang lokal na gobyerno ng Irosin ay pinagtibay ang programang serbisita na nilagdaan noong ika-12 ng Hulyo, 2021.

Ayon sa alkalde ng bayan na si Hon. Alfredo J. Cielo Jr., ang pinakalayunin ng programa ay dalhin sa bawat barangay ng Irosin ang mga serbisyo ng lokal na pamahalaan at makatulong lalong lalo na sa panahon ng pandemya. Ito rin ay nagsisilbing lugar para makapaghatid ng serbisyo, bukluran at pagsasama-sama ng mga kawani ng lokal at nasyonal na pamahalaan at ng komunidad para sa ikauunlad ng pangunahing serbisyo at imprastuktura na naaayon sa pangangailangan ng komunidad. Dahil dito nagkakaroon ng batayan ng programa na talaga namang naghahatid ng tiyak, simple at praktikal na paraan para maibigay ang mga kinakailangang serbisyo ng komunidad. Ang SERBISITA ay paraan ng pagpapakita ng espirito ng bayanihan sa Irosin.

Sa naging obserbasyon ng mananaliksik sa programang SERBISITA, napag-alaman na ang programang ito ay magsisilbing magandang modelo ng pagbababayanihan sa probinsiya ng Sorsogon kung kaya't kailangan itong suriin. Nakita rin na ang programang ito ay may malaking ambag sa pamumuhay, pag-uugali at pananiniwala ng mga Irosanon. Ang pag-aaral na ito magsisilbing tulay upang mas mapaunlad at mas mapaganda ang serbisyo-publiko ng lokal na pamahalaan ng Irosin.

Sa ginawa rin pagtatanong mula sa mga mamamayan ng Irosin at lokal na pamahalaan, napag-alaman ng mananaliksik na ang mga serbisyong ibinibigay ng SERBISITA ay may malaking impak sa mamamayan, pamumuhay, kultura at panitikan ng mga Irosanon. Natukoy din na may malaki itong naitutulong sa pag-unlad ng bayan at kaisahan ng mga mamamayan na nangangailangan ng pag-aaral upang ito ay mapatunayan. Ang pananaliksik na ito ay makakatulong upang mapakilala at magsilbing batayan para makagawa ang lokal na pamahalan ng mga karatig bayan ng ganitong programa na nagsusulong ng bayanihan sa kanilang lugar. Ang mga nabanggit na mga kadahilanan ang nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag – aaral tungkol sa SERBISITA: Pagpapakilala sa kulturang bayanihan sa Irosin.

## Layunin Ng Pag-Aaral

Tiniyak sa pag-aaral na ito na (1) makilala ang mga serbisyong SERBISITA bilang kultura ng bayanihan sa bayan ng Irosin sa pangkabuhayan, pantahanan, pangkomunidad, at pangkalusugan (2) ambag ng SERBISITA sa pamumuhay, pag-uugali, at paniniwala (3) impak ng serbisyo ng SERBISITA sa mamamayan, pamumuhay, kultura, at panitikan

## Pamamaraang Ginamit

Deskriptibong sarbey-analisis ang ginamit na disenyo ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos o impormasyon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 560 mula sa 28 barangay sa Irosin.

Tseklist ang ginamit sa pagpapakilala ng SERBISITA bilang kulturang bayanihan sa Irosin. Nagsagawa rin ng pakikipanayam ang mananaliksik upang mas maging matibay ang mga datos na makakalap. Ginamit ang Frequency count at pagraranggo upang maanalisa ang datos.

**Mga Natuklasan**

**1. Mga Serbisyong Ibinibigay ng SERBISITA bilang Kulturang Bayanihan sa Irosin sa Pangkabuhayan, Pantahanan, Pangkomunidad at Pangkalusugan**

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga serbisyong pangkabuhayan na ibinibigay ng SERBISITA sa bawat barangay sa Irosin. Inilahad din dito na maraming paraan ang ginagawa ng lokal na pamahalaan ng Irosin upang matulungan ang mga mamamayan nito na magkaroon ng pagkakakitaan at mas lalong mapaunlad ang ekonomiya ng lugar.

## Talahanayan 1: Mga Serbisyo ng SERBISITA sa Pangkabuhayan

| SERBISYO | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| Pagbayad at pagpapatala sa SSS | 316 | **4** |
| Gulayan sa barangay | 403 | **2** |
| Pagkuha ng cedula/community tax certificate | 376 | **3** |
| Mobile market at “isda on the go” | | **5** |
| Pag-aayos ng kalsada | 429 | **1** |

Ipinapakita ang mga serbisyong ibinibigay ng SERBISITA sa pangkabuhayan ayon sa 429 na sagot mula sa kalahok ng pag-aaral nangunguna ang pag-aayos ng kalsada. Nangangahulugan ito na ang bawat barangay ng Irosin ay nanginabang sa pag-aayos ng mga kalsada. Ang sama-samang pag-aayos ng kalsada ng mga mamamayan ng bawat barangay kasama ang mga empleyado ng lokal na pamahalaan ng Irosin ay nagbunga ng kaginhawaan at nakatulong nang lubos sa kabuhayan ng mga Irosanon. Dahil sa serbisyong hatid nito, ang transportasyon ng mga mamamayan pati ng mga produktong agrikultura at pang negosyo ay napagaan at mas napadali.

Ang pagkakaroon ng bayanihan sa isang lugar ay may magandang implikasyon na ang bawat mamamayan nito ay may pagkakaisa at may iisang mithiin para sa ikagaganda ng kanilang lugar. Ayon kay Siruno (2021)[7], ang bayanihan ay ang pagpapakita ng espirito ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamamayan na siyang pinakainiingatang kultura ng mga Pilipino. Ang kulturang ito ay hindi lamang naipapamalas sa isang barangay o bayan bagkus ito ay nagagawa rin sa mga lalawigan, rehiyon, bansa at maging sa buong mundo.

Ayon sa resulta ng pag-aaral mapapansing pumapangalawa ang gulayan sa barangay na may 403 na kalahok ang sumagot sa mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa pangkabuhayan. Ang resultang nakalap ay nagpapahiwatig din na lahat ng barangay sa bayan ng Irosin sa pangunguna ng mga empleyado ng lokal na pamahalaan ng bayan ay nagkaroon ng bayanihan upang makagawa ng gulayan sa bawat barangay na naglalayong makatulong sa bawat mamamayan na magkaroon ng pagkakakitaan at mapagkukunan ng pagkain dala ng hirap ng buhay dulot ng pandemyang nararanasan ng bansa.

Sinabi ni Bankoff (2003)[8], ang bayanihan ay tinatawag na kultura ng sakuna sapagkat ginagawa ito ng komunidad upang mabawasan ang impak ng pinsala ng dumating na sakuna at pag-iwas na maulit ito. Implikasyon ito na mas lumilitaw sa mga Pilipino ang kaugalian ng pagtutulungan tuwing may sakuna, problema o sa panahon na mas kailangan ito.

Hatid din ng serbisyo ng SERBISITA sa mga barangay ay ang pagkuha ng cedula/community tax certificate na may 376 na kalahok ang sumagot, pagbayad at pagpapatala sa SSS na may 316 na kalahok ang sumagot at ang Mobile market at “isda on the go” na may 290 na kalahok ang sumagot.

Pinatunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na maraming mamamayan o lahat ng barangay sa bayan ng Irosin ay natulungan ng mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa pangkabuhayan. Bukod dito, ang SERBISITA ay programa na nagsusulong ng bayanihan sa pagitan ng lokal na pamahalaan at ng mamamayan nito. Implikasyon na ang kultura ng pagtutulungan/pagdadamayan ay patuloy na naisasabuhay.

Sa Talahanayan sa 1.A makikita ang mga serbisyong pantahanan na ibinibigay ng SERBISITA sa bawat barangay sa Irosin. Nangunguna rito ang pamamahagi ng libreng tsinelas ayon sa 389 na kalahok na lumabas sa resulta ng sarbey ng mananaliksik. Batay sa nangungunang resulta ang bawat pamilya ng mga barangay sa Irosin ay nabigyan ng libreng tsinelas. Isa ito sa mga hatid ng SERBISITA na nagdulot ng kagalakan sa mga Irosanon lalong lalo na sa mga kabataan. Ang pagbibigay ng tsinelas ay nakatulong sa kanila sapagkat ang luma at sira ng tsinelas ay napalitan ng bago at maayos. Dahil dito naging komportable sila sa

paglalakad at nakadagdag kompiyansa ng mga mamamayan. Bukod dito, ang pamamahagi ng libreng tsinelas ay nakabawas sa gastusin ng mga magulang.

## Talahanayan 1.A: Mga Serbisyo ng SERBISITA sa Pantahanan

| SERBISYO | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Libreng gupit, manicure at pedicure | **387** | **2** |
| 2. Pag-aayos ng bahay | **339** | **4** |
| 3. Pag-aayos ng kable ng kuryente | **338** | **5** |
| 4. Pamamahagi ng libreng tsinelas | **389** | **1** |
| 5. Pag-aayos ng linya ng tubig | **342** | **3** |

Natuklasan sa pag-aaral ni Bureros (2020)[9] na ang bayanihan ay ginawa na sa Dapitan noon pa man. Ang pagkatapon kay Rizal ay isang biyaya para sa mga mamamayan ng Dapitan sapagkat pinamunuan ni Rizal ang bayanihan sa lugar. Ito ay labis-labis na nakaimpluwensiya sa kultura ng mga Dapitanon. Nakatulong ito sa pagpapatatag ng kanilang kulturang kinagisnan sa pamamagitan ng papanatili nito hanggang sa mga salin-lahi. Implikasyon ito na maraming nagagawang maganda ang bayanihan sa buhay ng mga mamamayan kung kaya't kailangan itong maipakilala sa mga susunod pang henerasyon.

Ipinakita ng 387 na kalahok na ang libreng gupit, *manicure at pedicure* ang pumapangalawa sa mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa pantahanan. Ito ay nangangahulugang binibigyan din ng pansin ng serbisyo ng SERBISITA ang pagpapaunlad ng sarili ng bawat mamamayan ng Irosin. Mahalaga rin na mabigyan din ng pagkakataon ang bawat mamamayan ng mapaganda ang pisikal na kaanyuan. Ang pagbibigay ng serbisyong ito lalong lalo na sa mga ina ng tahanan ay nagdudulot ng lubos na kasiyahan sa mga mamamayan ng Irosin. Bukod sa mga pangunahing pangangailangan ng bawat pamilya ay mahalaga din na matulungan ng lokal na pamahalaan na malinang sa mga mamamayan nito ang pagmamahal at kumpyansa sa sarili. Implikasyon ito na mas nararamdaman ng mga mamamayan ang lokal na pamahalaan kung gagawa ito ng mga proyekto, programa o gawain na magpapataas ng moral ng mga mamamayan.

Sa artikulong isinulat nina Su at Lim (2016)[10], ang bayanihan ay mabibilang sa mga kulturang flexible at palagiang umuunlad sapagakat ang gawain na ito ay nagbabago dala ng mga kondisyon o sitwasyon. Ang pagtutulungan ay nakabatay sa pag-unawa at kasanayan ng mga mamamayan kung kaya't nagbabago ang anyo at sukat nito. Implikasyon na ang kulturang bayanihan ay patuloy na umuunlad sa paglipas ng panaahon.

Kaya't masasabi na ang kosepto ng bayanihan ay napakalawak sapagkat hindi lang ito nakatuon sa pagtutulungan sa oras lamang ng kagipitan bagkus ito rin ay maaaring gamitin bilang pagtutulungan upang mapaunlad ang sarili at kapwa. Implikasyon din ito na hindi lamang pagkain, tirahan, damit at pagkakakitaan/trabaho ang pangangailangan ng bawat mamamayan, mahalaga din na matulungan ang bawat isa na magkaroon ng tiwala at bilib sa sarili. Matulungan ang bawat ina ng tahanan na mapangalagaan ang sarili at magkaroon ng panahon upang makapagpahinga at makapagrelaks.

Ayon sa resulta ng pag-aaral ang iba pang serbisyong ibinibigay ng SERBISITA sa pantahanan ay ang mga sumusunod: pag-aayos ng linya ng tubig nakakuha ng 342, pag-aayos ng bahay nakakuha ng 339 at pag-aayos ng kable ng kuryente na nakakuha ng 338. Nakabatay ito sa pagkakasunod-sunod sa rango.

Mahihinuha sa pag-aaral na ito na ang SERBISITA ay ang kultura ng pagbabayanihan na tumutugon sa mga pangangailangan ng bawat pamilyang residente nito. Layunin nito na mapabuti at matulungan ang bawat pamilyang Irosanon. Bukod dito, ipinapakita rin ng resultang ito na mahalaga din na pagtuonan ng pansin ang paggawa ng mga gawain o proyekto na makakatulong sa pag-unlad at pangangalaga ng sarili. Implikasyon ito na higit na malilinang ng pagkakaisa at maayos na ugnayan sapagitan ng lokal na pamahalaan at ng mamamayan kung sila ay gagawa ng mga programa o gawain na magbibigay ng kasiyahan at mabibigyan ng agarang aksyon sa mga pangunahing pangangailangan nito. Ayon nga sa artikulong sinulat ni Paloma (1997)[11], ang isang bansa ay lumilikha ng sariling pagkakakilanlan dahil sa kultura. Ito ay nangangahulugang ang makulay na buhay ng mga Pilipino ay nagpapatunay na ang kulturang Pilipino ay bahagi ng pagpapaunlad ng isang katauhan.

Sa Talahanayan 1.B makikita ang mga serbisyong pangkomunidad na ibinibigay ng SERBISITA. Nangunguna, ayon sa 468 na kalahok sa pag-aaral ang kasalang barangay sa mga serbisyong pangkomunidad na ibinibigay ng SERBISITA sa mga barangay sa Irosin.

## Talahanayan 1.B: Mga Serbisyo ng SERBISITA sa Pangkomunidad

| SERBISYO | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Pagkuha ng *birth certificate* | 379 | **4** |
| 2. Pagpapatala sa COMELEC | 408 | **3** |
| 3. Pagpapatala bilang kasapi ng PWD at *Senior Citizen* | 376 | **5** |
| 4. Kasalang barangay | 468 | **1** |
| 5. Brigada kapilya at eskwela | 448 | **2** |

Ipinahahayag ng resultang ito na ang bawat barangay ng Irosin ay nakapagdaos ng kasalang barangay sa tulong ng SERBISITA na hatid ng lokal na pamahalaan ng Irosin. Ang pagbabayanihan ng mga mamamayan at lokal na pamahalaan upang matulungan ang mga mag-asawa o magkasintahan na maikasal o maging legal ang pagsasama ay malaking tulong upang mabuo ang pagkakaisa mula sa loob ng pamilya hanggang sa pamayanan. Implikasyon na kailangan din na bigyan ng pagpapahalaga ang pagbubuklod ng mag-asawa at kasagraduhan ng isang pamilya.

Pinatunayan sa pag-aaral ni Guillermo (2012)[12], na ang lokal na pamahalaan ay may malaking tungkulin sa pag-oorganisa at pagsasagawa ng mga gawaing pangkultural. Natuklasan rin na ang pasasagawa ng mga gawain na magpapayaman ng kultura ng isang lugar ay may magandang epekto sa pag-unlad ng ekonomiya. Nangangahulugan lamang ito na kinakailangan na manguna ang lokal na pamahalaan sa paggawa ng mga gawain na magpapaunlad at magpapaigting ng kulturang nakagisnan ng mga mamamayan at pagkakaroon ng pagpapahalaga sa mga pamanang kaugalian ng mga Pilipino gaya ng pagbabayanihan.

Pangalawa ang brigada kapilya at eskwela na may 448 na kalahok ang sumagot. Pinatutunayan ng resultang ito na binibigyan din ng pagpapahalaga ng SERBISITA ang pagtulong sa iba pang sektor ng lipunan gaya ng relihiyon at edukasyon. Ang bayanihan sa paglilinis at pagpipintura ng mga kapilya at silid-aralan ay malaking tulong sa mga mamamayan. Implikasyon na higit na mataas pa rin ang pagtingin ng tao sa relihiyon at edukasyon. Pinapatunayan lang nito na mahalaga sa bawat mamamayan ang pananalig o paniniwala sa Poong Maykapal at kahalagahan ng edukasyon sa mga kabataan.

Ayon sa proyekto ni Valencia (2006)[13], ang pagbabayanihan ng mga guro upang matulungang bumasa ang mahihinang mag-aaral, malinang ang kasanayan sa pagbasa at kagalingan sa pag-unawa sa teksto ay malaking tulong upang makamit ang layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na makalinang ng mga mag-aaral na may sapat na literasi. Mahalaga ayon sa kanya ang mga tulong at suporta ng ibinibigay ng mga external stakeholder sa pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon sa bansa gaya ng ginagawa ng serbisita sa bawat barangay sa Irosin.

Ayon din sa sagot ng mga kalahok sa pag-aaral ang iba pang serbisyong pangkomunidad na ibinibigay ng SERBISITA ay pagpapatala sa Comelec, pagkuha ng birth certificate at pagpapatala bilang kasapi ng PWD at *Senior Citizen* ayon ito sa sagot na 408, 379 at 376 na kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod.

Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na ang SERBISITA ay nagbibigay ng iba't ibat serbisyo mula sa ibat'ibang ahensiya ng lokal na pamahalaan ng Irosin. Ang mga serbisyong ito ay dinadala sa bawat barangay upang mas madali o mabilis ang pagbibigay ng pampublikong serbisyo sa bawat mamamayan. Implikasyon na ang SERBISITA ay programa ng lokal na pamahalaan na nagdadala ng mga pampublikong serbisyo sa bawat barangay ng Irosin. Hindi lang ito nakatuon sa isang sektor ng lipunan kundi sa lahat. Ito rin ay lugar ng pagkakaisa at bayanihan ng mga empleyado ng gobyerno at ng mamamayan. Nagsisilbing halimbawa ng pagtutulungan mula sa lokal patungo sa barangay.

Batay sa pag-aaral ni Arcega et. al (2020)[14] ang pagtutulungan ng mga opisyales ng mga mag-aaral, kaguruan, empleyado at mga alumni na makagawa ng paraan upang maipagpatuloy bisyon ng institusyon na makapagbigay ng kalidad na serbisyo sa sektor ng edukasyon malaking tulong upang maipaabaot sa mga mag-aaral ang mga aralin at mga kasanayan na kailangan nilang matutuhan at malinang kahit pa nga ay nasa gitna ng krisis dulot ng pandemya. Binanggit rin sa pag-aaral na ang lahat ng bagay ay mabilis na makakamtan kung ang bawat isa ay nagbibigay ng sariling kontribusyon o nakikipagtulungan upang makamtan ang mga bagay na makabubuti para sa lahat.

Makikita sa Talahanayan 1.C ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay ng SERBISITA. Nangunguna rito ang paglilinis ng kapaligiran na may 479 na kalahok ang sumagot sa sarbey ng pananaliksik. Batay sa nagungunang resulta ang bawat barangay ng Irosin ay nagsagawa ng bayanihan sa paglilinis ng kapaligiran na hatid ng SERBISITA. Ang bawat mamamayan ng barangay kasama ng mga empleyado ng lokal na pamahalaan ay nagtutulungan sa paglilinis at pagsasaayos ng kapaligiran. Pinapakita nito na malaki ang pagpapahalaga ng SERBISITA sa pangangalaga sa kapaligiran. Isa itong implikasyon na hindi dapat nakakalimutan ang mga gawain o programa na magsusulong ng kulturang bayanihan tungo sa pangangalaga sa kapaligiran sapagkat ang malinis na kapaligiran ay nagbubunga ng maayos na kalusugan sa bawat mamamayan. Pinatutunayan ng resultang ito na ang lahat ng mamamayan ay handang sumuporta sa mga gawain o programa sa barangay na magsusulong ng kalinisan at kapayapaan.

### Talahanayan 1.C:Mga Serbisyo ng SERBISITA sa Pangkalusugan

| SERBISYO | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Pamamahagi ng *food pack* | 467 | **3** |
| 2. Medikal at dental na pagsusuri | 422 | **5** |
| 3. Paglilinis ng kapaligiran | 479 | **1** |
| 4. Pagpapakain sa mga bata o *feeding program* | 474 | **2** |
| 5. Pagbibigay ng iba pang libreng bakuna tulad ng *anti-flu vaccine* at libreng gamot at bitamina | 452 | **4** |

Binanggit sa pag-aaral ni Rebustillo (2018)[15], na mahalaga na maipakilala at maipalaganap sa mga mamamayan ang kultura at kasaysayan ng lugar upang higit na makilala ang lugar at mapaunlad ito. Mahalaga rin na mabigyang pansin ang mga maaaring maging kontribusyon ng bawat barangay upang mabuo ang pagkakaisa ng mga mamamayan at ng lokal na pamahalaan sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng kultura, tradisyon at mga kaugalian na pamana pa ng mga ninuno.

Pangalawa ang pagpapakain sa mga bata o *feeding programa* na may 474 na kalahok ang sumagot mula sa ginawang sarbey ng pag-aaral. Pinatutunayan ng resultang ito na ang SERBISITA ay naglalayon rin na mabigyan ng maayos na kalusugan at pangangatawan ang bawat kabataang Irosanon. Ang serbisyong ito na hatid ng SERBISITA ay labis na pinapahalagahan ng bawat mamamayan lalong lalo na ang mga pamilya na nasa laylayan. Pinapakita rin ng resultang ito na marami pa ring kabataan sa bayan ng Irosin ang nabibilang sa mga *malnourished* o mga kabataang kulang sa mga masusustansiyang pagkain. Implikasyon ito na mas lalo dapat na paigtingin ang programa gaya ng serbisita sapagkat maraming pamilya ang natutulungan nito.

Ayon kay Caloun (2005)[16], ang kultura ay ang napag-aaralang pag-uugali, paniniwala, gawain at mga simbolo na nagiging daan upang ang isang grupo ng mamamayan ay magkaunawaan sa uri ng pamumuhay. Dagdag pa dito, ang pag-unawa sa kultura ay magbibigay sa sangkatauhan ng pagyakap sa iba pang kultura upang maiugnay sa pangangailangan ng bawat mamamayan. Implikasyon lamang ito na ang kultura ay madaling maisabuhay kung madalas itong ginagawa o ginagamit.

Ayon sa resulta ng pag-aaral ang iba pang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay ng SERBISITA ay ang mga sumusunod: pamamahagi ng *food pack* nakakuha ng 467, pagbibigay ng iba pang libreng bakuna tulad ng *anti-flu vaccine* at libreng gamot at bitamina na may 452 at medikal at dental na pagsusuri na nakakuha ng 422. Nakabatay ito sa pagkakasunod-sunod na rango.

Implikasyon ng resultang ito na kinakailangan na magsagawa pa ng iba’t ibang gawain ang lokal na pamahalaan o maging ang mga barangay ng mga gawain na magsusulong ng bayanihan sa lugar. Ang sama-samang paglilinis, pangangalaga sa kapaligiran at pangangalaga sa kalusugan ng bawat mamamayan ay malaking tulong upang maging maayos, tahimik at ligtas ang lugar. Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na malaki ang pagpapahalaga ng ibinibigay ng lokal na pamahalaan ng Irosin sa pangangalaga sa mga mamamayan nito.

**Ambag ng Serbisita sa Pamumuhay, Pag-uugali at Paniniwala**

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga ambag ng SERBISITA sa pamumuhay ng mga mamamayan ng Irosin. Nangangahulugan ito na may naidudulot ang mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa paraan ng pamumuhay ng mga Irosanon.

Ito ay nakaaapekto sa paraan at antas ng pamumuhay ng mga Irosanon. Sa pamamagitan nito, natutulungan ang bawat pamilya ng Irosin sa pang-araw-araw na pamumuhay at pakikisalamuha sa kanilang kapwa.

### Talahanayan 2:Ambag ng SERBISITA sa Pamumuhay

| AMBAG | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Nagbibigay hanapbuhay | 357 | **4** |
| 2. Nakatutulong sa pagkakaroon ng katahimikan at kapayapaan ng isang lugar | 397 | **2** |
| 3. Nagsisilbing tulay ng pagkakaisa ng mamamayan | 412 | **1** |
| 4. Nakatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar | 381 | **3** |

| | | |
|---|---|---|
| 5. Napagagaan ang pamumuhay ng mamamayan | 351 | **5** |

Makikita rin sa talahanayan ang ibat'ibang ambag ng SERBISITA sa pamumuhay ng mga Irosanon. Nangunguna sa mga ito ay ang nagsisilbing tulay ng pagkakaisa ng mamamayan ayon ito sa sagot ng 412 na kalahok sa pag-aaral na ito. Nangangahulugan ito na ang SERBISITA ay may malaking ambag sa kaisipan at pag-uugali ng mga tao tungo sa paraan ng kanilang pamumuhay sapagkat itinatampok dito ang sariling kultura ng pagtutulungan at pakikiisa ng bawat mamamayan. Nagsisilbing itong lugar upang magkaroon ng pagkakataon upang magkaisa at magkasundo ang magkakabarangay. Isang implikasyon ito na dapat na ipagpatuloy ang gawaing ito upang mapanatili at malinang pa ang pagkakaisa, pagtutulungan at pagdadamayan ng bawat mamamayan.

Ayon kina Panopio, Cordero, at Raymundi (1994)[17] ang kultura ay pasalin-salin sa isang henerasyon patungo sa susunod pang henerasyon sa pamamagitan ng wika. Ito rin ay natututuhan sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanyang paligid. Nangangahulugan lamang ito na ang kultura ay patuloy na magiging buhay sa paglipas ng panahon dahil sa marami pa ring mamamayan ang nagsasabuhay nito at nagpapasa sa pamamagitan ng wika.

Pangalawa sa naging ambag ng SERBISITA sa pamumuhay ng mga Irosanon ay ang nakatutulong sa pagkakaroon ng katahimikan at kapayapaan ng isang lugar ayon sa 397 na kalahok na sumagot sa sarbey.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na malaking tulong ang naibibigay ng SERBISITA sa paglinang at pagpapanatili ng katahimikan at kapayapaan sa bawat barangay. Ang gawaing ito ay nagsusulong na magkaroon ng maayos na pagsasamahan ang bawat mamamayan na nagbubunga na pagkakasundo at pag-uunawaan ng bawat isa. Implikasyon lamang ito na hindi lamang naibibigay ng SERBISITA ang mga pangangailangang materyal ng bawat mamamayan bagkus nagdudulot din ito ng katiwasayan sa isip at sa puso. Dahil dito, natutulungan nito na bumaba ang antas/bilang ng kriminalidad sa lugar.

Sa pag-aaral nina Sava at Badalescu (2018)[18] ang pagsasagawa ng mga gawaing pangkultural ay nagbibigay ng panibagong uri ng kapaligiran sa mga mamamayan na kung saan sila ay nagkakaroon ng katiwasayan. Ang ganitong pagdaraos ay ay nagsisilbi ring libangan at isang pamamaraan ng pakikipaghalubilo sa ibang tao.

Sa kabilang dako, makikita rin sa talahanayan ang iba pang ambag ng SERBISITA sa pamumuhay, ito ay ang mga sumusunod: nakatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar, nagbibigay hanapbuhay at napagagaan ang pamumuhay ng mamamayan na sinang-ayunan ng 381, 357 at 351 na kalahok.

Batay sa resultang ito, mabibigyang kahulugan na ang SERBISITA ay lumilinang sa kulturang bayanihan ng isang lugar. Ito rin ay nakakatulong upang mapaunlad at mapaantas ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan sapagkat ang mga mamamayan na nagkakaisa at nagtutulungan ay nagbubunga ng kaunlaran ng lugar. Ang SERBISITA ay isang programa na nagbibigay ng pagkakataon o paraan para mapaunlad ng bawat mamamayan ang kanilang antas ng pamumuhay lalong lalo na ang mga mamamayan na nasa laylayan. Isa itong implikasyon na dapat na ipagpatuloy at ipalaganap ang paggawa ng gawain gaya ng serbisita na lumulinang sa kulturang yaman ng lugar. Bukod pa rito, ang pagpapalaganap ng ganitong gawain ay magiging daan upang maisabuhay pa ito at mapanatili hanggang sa mga susunod pang henerasyon.

Ipinapakita sa Talahanayan 2.A ang ambag ng SERBISITA sa pag-uugali. Ito ay nakakaapekto sa sosyolohikal na aspeto ng buhay ng isang tao. Sa pamamagitan nito, nalilinang ang paraan ng pakikihalubilo at pakikisama ng mga tao sa bawat isa.

Nangunguna sa mga ambag ng SERBISITA sa pag-uugali ay ang napagtitibay at naisasabuhay ang kaugaliang pagdadamayan ayon ito sa sagot ng 435 na kalahok. Pinatutunayan ng resultang ito malaki ang nagagawa ng SERBISITA upang maisagawa ng bawat mamamayan ang pakikipagtulungan sa kapwa. Ibig sabihin nito, ang SERBISITA ay may malaking impak sa kaisipan ng mga tao sapagkat nagagawa nitong itampok ang sariling kultura ng pagbabayanihan at nakatutulong upang mapanatili ito sa isipan ng bawat mamamayan. Implikasyon na ang SERBISITA ay nagpapatibay ng kaugaliang pagdadamayan ng bawat tao kaya't dapat pa itong ipagpatuloy upang hindi mawaglit sa isipin ng bawat tao ang bagay ng may kinalaman sa kanilang pagkatao tulad ng kultura, kaugalian at tradisyon.

## Talahanayan 2.A:Ambag ng SERBISITA sa Pag-uugali

| AMBAG | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Nagkakaroon ng kaisahan ang bawat mamamayan | 431 | **3** |
| 2. Napagtitibay at naisasabuhay ang kaugaliang pagdadamayan | 435 | **1** |
| 3. Nagiging huwaran ng pagbabayanihan | 402 | **5** |
| 4. Nabibigyang pagpapahalaga ang mga programa ng | 433 | **2** |

| | | |
|---|---|---|
| pamahalaan | | |
| 5. Nakikiisa sa mga programa ng pamahalaan | 413 | **4** |

Batay sa pag-aaral ni Rosela (2014)[19] kanyang natuklasan ang ilang dahilan ng pagkalimot sa mga kultura at tradisyong Pilipino. Isa na nga ito ang pagkahumaling makabagong teknolohiya at pagkakaroon ng "colonial mentality". Ngunit ayon sa resulta ng kanyang pag-aaral na mas marami pa rin ang bilang ng tao na natatandaan at isinasagawa ang ilang kulturang kinagisnan magpakahanggang ngayon.

Pangalawa sa naging ambag ng SERBISITA sa pag-uugali ay ang nabibigyang pagpapahalaga ang mga programa ng pamahalaan ayon sa 433 sagot ng kalahok. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na mataas ang paghanga at suporta ng mga mamamayan sa mga programang hatid ng lokal na pamahalaan ng Irosin gaya ng SERBISITA. Ang pagbisita at paghatid ng mga serbisyong pampubliko sa bawat barangay ay labis na nagustuhan ng mga Irosanon kung kaya't binibigyan nila ito ng pagpapahalaga. Ipinapakita ng resultang ito na ang mga mamamayan ng Irosin ay may tiwala sa pamamalakad at programa ng lokal na pamahalaan. Ito ay isang magandang pangitain na nagpapakita na ang mga mamamayan at ang lokal na pamahalaan ng Irosin ay mayroon ng magandang ugnayan. Implikasyon na ang serbisita ay hindi lamang nagdudulot ng kagalakan at naghahatid ng tulong sa bawat mamamayan bagkus ito rin ay nagpapatibay ng samahan at ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan at ng lokal na pamahalaan.

Sa disertasyon ni Bajaro (2020)[20], natuklasan na ang ang pangkultural na gawain gaya ng festival ay nagpapalawak ng kaalaman ng mamamayan sa sariling kultura. Ito rin ay nakakatulong upang malinang sa mga mamamayan ang pagpapanatili ng mga kaugaliang Pilipino, nagpapatatag ng pagiging Pilipino at nagpapatibay ng paniniwala na minana pa sa nakalipas na henerasyon.

Ayon din sa sagot ng mga kalahok sa pag-aaral ang iba pang ambag ng SERBISITA sa pag-uugali ay nagkakaroon ng kaisahan ang bawat mamamayan, nakikiisa sa mga programa ng pamahalaan at nagiging huwaran ng pagbabayanihan ayon ito sa sagot ng 431, 423 at 402 na kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod.

Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na ang mga serbisyong ibinibigay ng SERBISITA ay mayroon din epekto sa pag-uugali ng mga mamamayan ng Irosin. Nagagawa nitong mapag-isa ang bawat mamamayan at nahihikayat ang mga ito na makilahok at makiisa sa mga programang ipinapatupad ng lokal na pamahalaan ng Irosin. Pinapakita rin ng resulta ng pag-aaral na ito na ang SERBISITA ay hindi lamang isang programa sapagkat ito rin ay nagsisilbi ring modelo ng pagtutulungan, pagdadamayan, pagbabayanihan at pagkakaisa ng bawat mamamayan. Implikasyon na ang pagkakaisa ay posibleng matamo kung ang mga namumuno sa isang lugar ay gumagawa ng mga gawain na magsusulong ng bayanihan tungo sa ikabubuti ng bawat isa. Pinapakita rin sa resultang ito na mataas ang antas ng pakikiisa ng mga mamamayan sa programa ng lokal na pamahalaan.

Sa Talahanayan 2.B makikita ang ambag ng SERBISITA sa paniniwala. Nangunguna rito ang nabibigyang pagpapahalaga ang mga paniniwalang naipapakita ng serbisita sa lugar ayon sa 435 na sagot ng kalahok mula sa resulta ng ginawang sarbey. Batay sa nangungunang resulta malaki ang pagpapahalaga ang ibinibigay ng mga mamamayan ng Irosin sa paniniwala tungkol sa pagbabayanihan na naidudulot ng serbisita sa kanila. Ang paniniwalang ito ay malaking ambag sa paghulma ng magandang samahan sa lugar. Isa itong implikasyon na ang gawaing ito ay nagpapatibay ng paniniwala ng mga mamamayan sa kabutihang naidudulot ng bayanihan sa sarili at sa pamayanan na huhulma ng kanilang kultura.

## Talahanayan 2.B: Ambag ng SERBISITA sa Paniniwala

| AMBAG | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| Napatataas ang antas ng paniniwala sa epekto san kulturang bayanihan | 431 | **3** |
| Nabibigyang pagpapahalaga ang mga paniniwalang naipapakita ng serbisita sa lugar | 435 | **1** |
| Naisasabuhay ang mga paniniwala tungkol sa pagdadamayan na mayroon ang isang lugar | 433 | **2** |
| Nagpapayaman ng ideya o konsepto tungkol sa paniniwalang may | 384 | **5** |

| | | |
|---|---|---|
| kinalaman sa bayanihan<br>Nakikilala ang mga paniniwala ng mga Irosanon tungkol sa kultura ng pagdadamayan | 404 | **4** |

Pinatunayan naman ni Hofistede (1997)[21], na ang lipon ng isang tao ay nagpapasalin-salin ng kanilang kaalaman, karanasan, pag-uugali, paniniwala, gawain, pagpapakahulugan, relihiyon at relasyon upang mapaunlad ang kanilang kultura. Sa pamamagitan nito, magiging madali ang pagtukoy sa uri ng kultura na sumasalamin sa isang lugar. Mahalaga rin ito dahil makikita kung ano at paano nabuo ang kultura ng isang lugar. Sa pamamagitan nito ay madali nang maipakilala at maipagmalaki ang mga kulturang mayroon ang isang lugar.

Ipinapakita ng 433 na kalahok na ang pumapangalawa sa ambag ng SERBISITA sa paniniwala ay naisasabuhay ang mga paniniwala tungkol sa pagdadamayan na mayroon ang isang lugar. Ito ay nangangahulugang na sa tulong ng SERBISITA mas tumatak sa puso't isapan ng mga mamamayan ang kultura ng pagbabayanihan. Ang kulturang ito ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamyan ng Irosin at nakadikit na sa kanilang sistema. Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ito na malaki ang naiambag ng SERBISITA upang maipabatid at maisabuhay ng mga mamamayan ang kultura ng pagtutulungan hindi lamang sa oras ng sakuna bagkus sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Implikasyon ito na ang pagtutulungan at pagdadamayan ng mga empleyado ng lokal na pamahalaan at ng mga mamamayan ng bawat barangay ay patunay lamang na naging matagumpay ang SERBISITA sa layunin nito na magkaroon ng kaisahan at diwa ng pagtutulungan ang bayan ng Irosin.

Batay sa pag-aaral ni Sunico (2015)[22], ipinakita ang kahalagahan ng sining at kultura sa pagbubuklod ng mga bansang miyembro ng ASEAN. Kanyang binigyang diin na dapat mahalin at pangalagaan ang mga kultura, tradisyon, kaugalian at paniniwala ng sariling bansa bago yakapin ang kultura ng iba.

Makikita rin sa talahanayan ang iba pang ambag ng SERBISITA sa paniniwala ay ang mga sumusunod: napapataas ang antas ng paniniwala sa epekto san kulturang bayanihan nakakuha ng 432, nakikilala ang mga paniniwala ng mga Irosanon tungkol sa kultura ng pagdadamayan nakakuha ng 404 at nagpapayaman ng ideya o konsepto tungkol sa paniniwalang may kinalaman sa bayanihan nakakuha ng 384. Nakabatay ito sa pagkakasunod-sunod na rango.

Mahihinuha sa resulta ng pag-aaral na ito na ang SERBISITA ay may malaking ambag sa pagpapabatid, pagpapakilala at pagpapayaman ng mga paniniwala na mayroon ang bayan ng Irosin. Ang pagtuloy na pagtangkilik at pagpatupad ng gawain na dala ng SERBISITA ay makatutulong upang mapagtibay at mapaunlad pa ang paniniwala tungkol sa bayanihan sa mga susunod pang henerasyon. Mahalaga ito sapagkat bahagi ito ng kulturang pamana mula sa mga ninuno na kailangan na mapanatili at maipasa sa mga susunod pang mga henerasyon. Implikasyon ito na hanggang sa ngayon malaki pa rin ang pagpapahalagang ibinibigay ng mga Irosanon sa kultura, paniniwala at kaugaliang kanilang nakagisnan.

## Impak ng serbisyo ng Serbisita sa Mamamayan, Pamumuhay, Kultura at Panitikan.

Makikita sa Talahanayan 3 ang impak ng serbisyong ibinibigay ng SERBISITA sa mga mamamayan ng Irosin. Nangunguna, ayon sa 450 na kalahok sa pag-aaral ang napupukaw at nahihikayat ang mga mamamayan na tumulong upang mapalaganap ang kalinangan ng sariling lugar. Ibig sabihin na marami sa mga mamamayan ng Irosin ang nagsasabi na dahil sa SERBISITA nahihikayat sila na gumawa ng mabuti sa kapwa at tumulong para sa ikauunlad ng sariling lugar. Dahil dito, mas lalong napagtitibay ang magandang samahan ng mga magkakapitbahay at nagiging daan upang umunlad ang lugar. Implikasyon na ang mga serbisyong hatid ng SERBISITA ay naglalayon din na malinang sa mga mamamayan ang pagkakaroon ng puso para sa sarili, sa kapwa at sa bayan.

Ayon naman sa 424 na kalahok pumapangalawa sa impak ng SERBISITA sa mamamayan ang nagkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng pagbabayanihan/ pagdadamayan. Patunay lamang ito na ang gawain tulad ng SERBISITA ang magmumulat sa mga Irosanon upang mabigyan ng pagpapahalaga ang kultura ng pagtutulungan o pagbabayanihan. Ito ang naging daan upang mapalawak at maipabatid sa mga mamamayan ang kahalagahan o magandang naidudulot ng pagsasabuhay ng kulturang bayanihan sa buhay ng isang tao o sa mga mamamayan ng isang lugar

## Talahanayan 3:Impak ng SERBISITA sa Mamamayan

| IMPAK | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Napupukaw at nahihikayat ang mga mamamayan na tumulong upang mapalaganap ang kalinangan ng sariling lugar | 450 | **1** |

| | | |
|---|---|---|
| 2. Naisasabuhay at naipagmamamlaki ang kaugaliang tatak ng lahing Pilipino-bayanihan | 422 | **3** |
| 3. Nagkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng pagbabayanihan/ pagdadamayan | 424 | **2** |
| 4. Napagtitibay at napahahalagahan ang maayos at mabuting ugnayan sa pamahalaang local | 415 | **4** |
| 5. Nakikianib at nagiging aktibo ang mamamayan sa mga programa ng pamahalaang local | 401 | **6** |
| 6. Napapaunlad ang kakayahang makisalamuha at makiisa sa kapwa | 389 | **8** |
| 7. Naipapamalas ang kulturang bayanihan sa pang-araw-araw na pamumuhay | 380 | **9** |
| 8. Nalilinang sa bawat mamamayan ang kultura ng pagdadamayan | 393 | **7** |
| 9. Nagsisilbing inspirasyon ng mamamayan sa paggawa ng kabutihan sa kapwa o sa lipunan | 410 | **5** |

Implikasyon na ang pagpapalawak ng kabatiran tungkol sa kultura, tradisyon at kaugalian ng isang lugar sa mga mamamayan nito ay kasama sa mga gawain na kailangan bigyang pansin ng lokal na pamahalaan ng lugar.

Pinatutunayan ng Presidential Decree No. 1505[23], dapat pangalagaan at ipreserba ang mga makasaysayang historical at kultural sapagkat ito ay pagkakakilanlan ng isang bansa o bayan na siyang maging tulay sa paglago ng turismo. Ang mga ito ay magsisilbing sukatan sa mga bagay na maaaring maging resulta sa pagbuo ng isang kasaysayan ng isang lugar. Sa pamamagitan nito maipapabatid sa mga mamamayan ang kahalagahan ng pagtangkilik ng kultura ng lugar at nang maipagmalaki ito sa mga dayuhan

Pangatlo ang naisasabuhay at naipagmamamlaki ang kaugaliang tatak ng lahing Pilipino-bayanihan na may 422 na kalahok ang sumagot. Ipinapakita na ang kulturang bayanihan ay talaga namang ginagawa ng mga mamamayan ng Irosin. Patunay lamang na ang gawain gaya ng SERBISITA ay lumilinang sa mga kultura at kaugaliang Pilipino. Mahalaga ito sapagkat nagdudulot ito ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamamayan tungo sa iisang layunin. Implikasyon ito na kung ang pamahalaang lokal ng isang lugar ay gumagawa ng paraan/hakbang upang mapabatid ang kultura, tradisyon at kaugalian na mayroon ang lugar ay tiyak na malilinang ito sa mga mamamayan. Ito rin ay magsisilbing pagkakakilanlan at maiipagmalaki ng kanilang lugar.

Samantala, 415 na kalahok sa pag-aaral na ito ang nagsasabing napagtitibay at napahahalagahan ang maayos at mabuting ugnayan sa pamahalaang lokal. Nangangahulugan na malaki ang impak nito upang magkaroon ng maayos at matibay na relasyon/samahan ang pamahalaang lokal ng Irosin at ng mamamayan nito. Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ito na napahahalagahan ng mga mamamayan ang mga proyekto o gawain ng pamahalaang lokal at gumagawa rin sila ng paraan upang maging bahagi nito. Pinatutunayan nito na naging matagumpay ang isa sa mga layunin ng programang SERBISITA ng bayan ng Irosin na magkaroon ng magandang ugnayan ang pamahalaan sa mga nasasakupan nito. Implikasyon na kailangan maipagpatuloy ang gawain tulad nito upang maipagpatuloy at mapataas pa ang pagkakaisa at samahan ng lokal na pamahalaan at ng mga Irosanon.

Ayon kay Irshad, H., Mumtaz, Z., Levay. A (2011)[24] ang mga gawaing pangkultural ay may malaking impak sa komunidad. Sinasabing ang mga ito ay mas may pakinabang kapag ang mamamayan ay nagiging bahagi sa pagdaraos ng gawaing ito. ang pagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng pagkain, inumin at iba pang gawain ay malaking tulong sa mga mamamayan.

Ayon sa resulta ng pag-aaral ang iba pang impak ng SERBISITA sa mamamayan ay nagsisilbing inspirasyon ng mamamayan sa paggawa ng kabutihan sa kapwa o sa lipunan, nakikianib at nagiging aktibo ang mamamayan sa mga programa ng pamahalaang lokal, nalilinang sa bawat mamamayan ang kultura ng pagdadamayan, napapaunlad ang kakayahang makisalamuha at makiisa sa kapwa at naipapamalas ang kulturang bayanihan sa pang-araw-araw na pamumuhay ayon ito sa sagot ng 410, 401, 393, 389 at 380 na kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod.

Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na marami ang impak ng SERBISITA sa mga mamamayan ng Irosin. Nagpapakita ito na malaki ang nagagawa ng SERBISITA upang mapaunlad at malinang sa mga mamamayan ang kultura ng pagbabayanihan. Nagsisilbi itong lugar upang maipamalas ang kultura ng pagtutulungan at pakikiisa ng mamamayan sa mga programa/gawain ng lokal na pamahalaan. Mahihinuha rin sa resulta ng pag-aaral na ito na kahit na nasa modernong panahon na ay patuloy pa rin nagagawa at naipapalaganap ang kultura at kaugalian ng lugar.

Sa Talahanayan 3.A makikita ang impak ng SERBISITA sa pamumuhay. Nangunguna rito ang nagsisilbing inspirasyon sa mamamayan upang patuloy na magsumikap ayon sa 423 na kalahok.

## Talahanayan 3.A:Impak ng SERBISITA sa Pamumuhay

| IMPAK | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Nakatutugon at nakatutulong sa pinansyal na aspeto ng mga mamamayan | 373 | **5** |
| 2. Nagsisilbing inspirasyon ng mga mamamayan upang patuloy na magsumikap | 423 | **1** |
| 3. Nakatutulong sa pagpapaganda ng estado ng buhay ng mamamayan | 364 | **7** |
| 4. Napapanatili ang kaayusan at katahimikan ng sariling lugar | 382 | **4** |
| 5. Nakapagbibigay ng karagdagang hanapbuhay | 350 | **9** |
| 6. Nabibigyang pansin at solusyon ang mga suliranin ng bawat pamilya at lugar | 384 | **3** |
| 7. Nababawasan ang bilang ng mga malnourished at mahihirap na pamilya sa isang lugar | 366 | **6** |
| 8. Nahihikayat ang mga tao na magtulungan para sa ikauunlad ng sariling lugar | 401 | **2** |
| 9. Naitataas ang moral na pamumuhay ng pamilya at mamamayan | 356 | **8** |

Patunay lamang ito na ang SERBISITA ay nagsisilbing pag-asa upang mas lalo pang magsumikap ang mga mamamayan. Nangangahulugan na malaki ang impak nito sa pagtingin ng mga mamamayan sa buhay dahil nagbibigay ito ng ilang pamamaraan upang maiahon ang sarili sa hirap at patuloy na makipaglaban sa anumang hamon sa buhay. Ang mga serbisyong pangkabuhayan ay malaking tulong upang mabigyan ng pag-asa ang mga mamamayan na hirap sa buhay at magkaroon ng pagkakataon na maiahon ang sarili sa kahirapan. Dahil dito ang mga Irosanon patuloy na nagsusumikap sa buhay at naniniwala na na tulad ng SERBISITA ay may iba pang proyekto ang lokal na pamahalaan na handang magbigay tulong sa mga taong lubos na nangangailangan.

Pangalawa ay ang nahihikayat ang mga tao na magtulungan para sa ikauunlad ng sariling lugar na may 401 na kalahaok. Ito ay nangangahulugan na sa tulong ng SERBISITA mas lalong nalilinang ang kultura ng pagtutulungan. Ipinapakita na dahil sa mga serbisyong hatid ng SERBISITA sa bawat barangay na naglalayon na magkaroon ng pagkakaisa at pagdadamayan ang mga mamamayan nahihikayat nito ang mga mamamayan na ugalin ang gawaing ito sapagkat nakikita nila na maganda ang resulta ng mga gawaing bunga ng pagtutulungan. Implikasyon ito na mas malilinang sa isang lugar ang kulturang pagtutulungan/pagbabayanihan kung ito ay naipapakita mismo ng mga lider at empleyado ng pamahalaan sa mga proyekto o gawain na ibinbaba nito sa mga barangay.

Sa naging pag-aaral ni Gonzales (2017)[25], natuklasan na ang festival ay may kultural at ekonomik impak sa mamamyan. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng lokal na tradisyon at kultura, itinataas nito ang turismo at industriya ng isang lugar. Inirekomendang magkaroon ng kooperasyon ang Kagawaran ng Turismo at lokal na pamahalaan sa pagpapalaganap at pagbuo ng estratehiya upang mas makilala ang kultural na gawain gaya ng festival.

Makikita rin sa talahanayan ang nabibigyang pansin at solusyon ang mga suliranin ng bawat pamilya at lugar bilang pangatlo sa mga impak ng SERBISITA sa pamumuhay na sinagot ng 384 na kalahok. Sinasabi na ang mga serbisyong hatid ng SERBISITA ay mga solusyon sa ilang mga suliranin na kinakaharap sa pang-araw-araw ng mga Irosanon. Ang serbisyong pangkabuhayan, pantahanan at pangkomunidad ay malaking tulong upang mapagaan at makatulong sa problemang kinakaharap ng bawat pamilya, mamamayan at ng lugar. Implikasyon na higit na maipapaabot ng pamahaalang lokal ang mga programa/proyekto na kanilang ginagawa kung ito mismo ay dinadala nila sa bawat barangay. Mabilis din makikita ang kakulangan o suliranin ng bawat lugar at mga hinaing ng bawat mamamayan sa pamamagitan ng pagpunta mismo sa lugar at pakikisalamuha sa mga mamamayan.

Sa pag-aaral ni Gajo (2017)[26], nabatid na ang pagkilala sa sa mga kwento tungkol sa pinagmulan ng bawat barangay ay may malaking ambag sa pagkakaroon ng kamalayan ng mga mamamayan sa edukasyon, kultura, panitikan at turismo ng lugar. Nangangahulugan lamang ito na mahalagang maunawaan at mabatid ng mga mamamauyan ang mga kwento at pinagmulang kasaysayan ng sariling lugar upang maunawaan ang kultura, paniniwala at tradisyon na mayroon ito.

Sumunod ang napapanatili ang kaayusan at katahimikan ng sariling lugar ayon sa sagot ng 382 na kalahok. Dahil sa ang SERBISITA ay programa para sa lahat, walang pinipili at walang kinikilingan nagiging daan ito upang maging maayos at tahimik ang lugar. Ipinapakita nito na matatamo lamang ang katahimikan at kaayusan ng lugar kung ang bawat mamamayan mismo ay

mag-aambag upang maisakatuparan ito. Patunay lamang na maraming mamamayan ng Irosin ang naniniwala sa magagandang naidudulot ng programa sa kanilang lugar.

Ayon sa resulta ng pag-aaral ang iba pang impak ng SERBISITA sa pamumuhay ay ang mga sumusunod: nakatutugon at nakatutulong sa pinansyal na aspeto ng mga mamamayan nakakuha ng 373, nababawasan ang bilang ng mga *malnourished* at mahihirap na pamilya sa isang lugar nakakuha ng 366, nakatutulong sa pagpapaganda ng estado ng buhay ng mamamayan nakakuha ng 364, naitataas ang moral na pamumuhay ng pamilya at mamamayan nakakuha ng 356 at nakapagbibigay ng karagdagang hanapbuhay nakakuha ng 350. Nakabatay ito sa pagkakasunod-sunod na ranggo.

Mahihinuha sa resulta ng pag-aaral na malaki ang naitutulong ng SERBISITA sa pagpapataas ng antas ng buhay ng mga mamamayan ng Irosin at marami rin ang naniniwala sa layunin ng programa. Pinapatunayan ng resulta ng pag-aaral na nagtagumpay ang programang SERBISITA sa layunin nito na makatulong sa antas ng pamumuhay ng mga Irosanon at makapagbigay ng maayos na serbisyo sa bawat mamamayan. Implikasyon na dapat na maipalaganap at maipakilala ito sa iba pang lugar upang makatulong lalong lalo na sa pamumuhay ng mga mamamayan.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.B ang impak ng SERBISITA sa kultura ng mga Irosanon. Mahihinuha na malaki ang impak ng SERBISITA sa pagpapabatid at pagpapalaganap ng kultura ng mayroon ang lugar. Ang nangungunang impak ng SERBISITA sa kultura ay ang nakikilala at napahahalagahan ang kulturang tatak ng lahi ayon ito sa sagot ng 416 na kalahok. Nangangahulugan lamang ito na ang SERBISITA ay malaking tulong upang maipabatid at mapahalagahan ang kulturang bayanihan na isnusulong ng programa.

## Talahanayan 3.B:Impak ng SERBISITA sa Kultura

| IMPAK | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| Nakikilala at napahahalagahan ang kulturang tatak ng lahi | 416 | **1** |
| Napananatili at naisasabuhay ang kulturang yaman ng lahi | 368 | **9** |
| Napagyayaman ang kultura na mayroon ang lugar | 383 | **6** |
| Nagkakaroon ng kamalayan ang mamamayan sa mga kultura na mayroon ang sariling lugar | 412 | **2** |
| Naipakikilala ang mga kultura na mayroon ang lugar sa bagong henerasyon at mga dayuhan | 388 | **4** |
| Napalalaganap ang pagmamahal at pagmamalasakit sa sariling kultura | 376 | **7** |
| Nabibigyang buhay ang mga kultura na mayroon ang lugar | 370 | **8** |
| Naipapakita ang kahalagahan ng pagtangkilik sa sariling kultura | 386 | **5** |
| Napauunlad ang kulturang bayanihan sa lugar | 395 | **3** |

Kung susuriin ng mabuti ang mga serbisyong ibinibigay ng SERBISITA sa bawat barangay, makikita na halos lahat ito ay nagsusulong ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat mamamayan. Impliksayon na talaga namang epektibo ang nagawang programa sapagkat naabot nito ang mga layunin na mabigyang pagpapahalaga ang kultura ng pagtutulungan ng bayan.

Pangalawa ay ang nagkakaroon ng kamalayan ang mamamayan sa mga kultura na mayroon ang sariling lugar na may 412 na kalahok. Hindi nakakabigla na ito ay pangalawa sapagkat makikita natin sa resulta ng pag-aaral na ito na naipakilala ng SERBISITA ang kulturang bayanihan sa mamamayan ng Irosin, dahil dito tiyak na nagkaroon na ng kamalayan ukol dito ang mga mamamayan. Ang pagpapabatid ng kamalayan sa kulturang ito ay talaga namang naipaabot maging sa mga batang henerasyon dahil dito madali ng maipasa ito sa mga susunod pang henerasyon. Implikasyon nito na kailangan na maipagpatuloy ang gawaing ito upang ang kulturang iniingatan ay hindi mamamatay o makaligtaan sa susunod na henerasyon.

Impak pa rin nito ang napauunlad ang kulturang bayanihan sa lugar ayon sa sagot ng 395 na kalahok. Ipinapakita dito na dahil sa ginagawang pagpunta sa bawat barangay gamit ang programang SERBISITA mas napapaunlad ang kulturang bayanihan. Ito ang nagsisilbing modelo ng barangay upang makagawa ng parehong programa na nagpapakita ng pagkakaisa at pagtutulungan. Pinapatunayan din nito na naniniwala ang mga Irosanon sa magandang epekto at nagagawa sa mga mamamayan ng isang lugar.

Implikasyon na dahil dito maraming mga programa o proyekto ang malilikha na magsusulong ng kulturang bayanihan sa bawat lugar.

Sumunod sa impak ng SERBISITA sa kultura ay ang naipakikilala ang mga kultura na mayroon ang lugar sa bagong henerasyon at mga dayuhan ayon sa 388 na sagot ng mga kalahok. Mahihinuha sa sa talahanayan na gamit ang programa naipapabatid at naipagmamalaki ng lokal na pamahalaan ang kulturang pagbabayanihan sa mga dayuhan o karatig lugar at maging sa mga kabataan. Ipinapakita nito na ang bayan ng Irosin ay mayaman pagdating sa kultura, tradisyon at paniniwala na magiging tatak o pagkakakilanlan ng lugar. Implikasyon ito na mas mapapalawak ang kulturang tatak ng Pilipino dahil sa mga gawain gaya nito.

Nabatid sa pag-aaral ni Sanchez (2015)[27], na ang kultura ang siyang nagbubuklod at gumagabay sa mga Pilipino. Ang pagtutulungan ng bawat Pilipino ay ginagawa hangang sa ngayon upang magkaroon ng maayos at matiwasay na pamumuhay. Sa paglipas ng panahon ay namayani pa rin ang kultura na ang layunin ay ang kabutihan ng mga mamamayan.

Makikita pa rin sa talahanayan ang mga impak ng SERBISITA sa kultura ay ang naipapakita ang kahalagahan ng pagtangkilik sa sariling kultura, napagyayaman ang kultura na mayroon ang lugar, napalalaganap ang pagmamahal at pagmamalasakit sa sariling kultura , nabibigyang buhay ang mga kultura na mayroon ang lugar at napananatili at naisasabuhay ang kulturang yaman ng lahi na sinagot ng 386, 383, 376, 370 at 368 na kalahok. Ito ay ayon sa pagkakasunod-sunod.

Pinapatunayan ng resulta ng pag-aaral na epektibo ang programa bilang paraan ng pagpapabatid, pagpapakilala at pagsasabuhay ng kulturang mayroon ang lugar. Mahihinuha na magiging madali ang pagpapalaganap ng kultura kung mayroon ng mga gawaing panlipunan na magsusulong nito. Implikasyon na ang kultura ng Irosin ay nananatiling buhay sakabila ng pagbabagong nagaganap sa mundo at pagiging moderno ng mga tao.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.C ang impak ng SERBISITA sa panitikan. Ayon sa 424 na kalahok, ang nangungunang impak ng SERBISITA sa panitikan ay ang magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral.

Nangangahulugan ang resulta ng pag-aaral na ito na naniniwala ang mga Irosanon na ang programang ito ng lokal na pamahalaan ay magagamit sa pang akademikong pag-aaral. Ang kultura, tradisyon, kaugalian, paniniwala at iba pa ay maaaring maging paksa ng pag-aaral na matatagpuan sa programang SERBISITA. Ang mga serbisyong hatid nito, mga pamamaraan na ginamit at epekto sa mga mamamayan ay maaari ring mapag-aralan upang mapatunayan ang kahalagahan at impak nito sa lugar at mamamayan.

## Talahanayan 3.C:Impak ng SERBISITA sa Panitikan

| IMPAK | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|
| 1. Magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral | **424** | **1** |
| 2. Malalaman ang mga mahahalagang impormasyon patungkol sa kultura ng lugar | **401** | **4** |
| 3. Makadaragdag sa panitikan/babasahin mayroon ang lugar | **370** | **8** |
| 4. Makatutulong sa pagbuo ng literatura patungkol sa kultura ng lugar na nakalimbag sa Filipino/Bikol-Irosin | **420** | **2** |
| 5. Maaaring maging karagdagang lunsaran sa pagtuturo | **359** | **9** |
| 6. Maitataguyod at mapayayabong ang sariling panitikan na nagpapakita ng kultura ng sariling lugar | **388** | **7** |
| 7. Makatutulong sa pagpapakilala ng kultura ng sariling lugar | **396** | **5** |
| 8. Mahihikayat ang mga manunulat na makasulat ng akda patungkol sa kulturang bayanihan ng Irosin | **394** | **6** |
| 9. Magiging batayan sa mga susunod na pag-aaral tungkol sa kultura ng lugar | **402** | **3** |

Sinabi rin ng 420 na kalahok sa pag-aaral na makatutulong ito sa pagbuo ng literatura patungkol sa kultura ng lugar na nakalimbag sa Filipino/Bikol-Irosin. Sa pamamagitan nito, mahihikayat ang mga mamamayan na gumawa ng mga akda/literatura na

magpapakilala sa kultura ng lugar. Dahil dito, mapagtutuunan ng pansin ang sariling panitikan ng lugar at mabibigyang halaga ito. Ang mga mamamayan ay magkakaroon ng pagkakataon na makabuo o makapagsulat ng literatura na maglalarawan sa naging impak o ambag ng programa sa kanila maging sa kanilang lugar.

Sa pag-aaral ni G. Keyaten (2012)[28] naipakita na hindi lahat ng kultura at kaugaliang Pilipino ay naibanon sa limot bagkus ang ilan sa mga ito ay isinasagawa pa rin ng mga kabataang Pilipino. Nabatid niya rin na kaya naibabaon sa limot ang ibang kultura at kaugaliang Pilipino dahil sa hindi nila ito nakagisnan kaya't wala silang kaalam-alam ukol dito. Ibig sabihin lang nito na mahalaga na maipakilala sa mga kabataan ang mga minanang kultura at kaugalian ng sa gayun ay hindi ito maibaon sa limot.

Sumunod na impak ng SERBISITA sa panitikan ay ang magiging batayan sa mga susunod na pag-aaral tungkol sa kultura ng lugar ayon ito sa sagot ng 402 na kalahok sa pag-aaral. Nagpapahiwatig na ang programang ito ay maaaring makatulong sa mga mananaliksik na nag-aaral sa kultura ng lugar. Magsisilbi itong patunay ng mga kuktura na mayroon ang lugar. Madaling makakakuha ng datos ang mga mananaliksik sapagkat mayroong programa o proyekto ang lugar na nagpapamalas ng kultura ng lugar.

Ayon sa 401 na kalahok sa pag-aaral na ito, ang malalaman ang mga mahahalagang impormasyon patungkol sa kultura ng lugar ay isa rin sa mga impak ng SERBISITA sa panitikan. Ipinapakita lamang nito na ang SERBISITA ay larawan ng kultura ng bayan ng Irosin. Isa itong mahalagang bagay na kinapapalooban ng mga kultura ng mga mamamayan. Dahil dito madaling maipakilala at maipagmalaki sa iba pang lugar ang kulturang mayroon ang mga Irosanon.

Batay sa pag-aaral ni Aguilos (2015)[29] ang kultura ay nagpapakita ng pagkakakilanlan ng bawat pangkat o grupo ng mga tao. Dito rin naipapakita ang pagkakaiba-iba ng bawat pangkat. Malaki ang impluwensiyang naibigay ng mga ninuno kung kaya ang mga pamana nila ay patuloy na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ayon sa resulta ng pag-aaral ang iba pang impak ng SERBISITA sa panitikan ay ang mga sumusunod: makatutulong sa pagpapakilala ng kultura ng sariling lugar nakakuha ng 396, mahihikayat ang mga manunulat na makasulat ng akda patungkol sa kulturang bayanihan ng Irosin nakakuha ng 394, maitataguyod at mapayayabong ang sariling panitikan na nagpapakita ng kultura ng sariling lugar nakakuha ng 388, makadaragdag sa panitikan/babasahin mayroon ang lugar nakakuha ng 370 at maaaring maging karagdagang lunsaran sa pagtuturo nakakuha ng 359. Nakabatay ito sa pagkakasunod-sunod sa rango.

Pinapatunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na makadaragdag ang SERBISITA sa panitikan na mayroon ang Irosin. Dahil sa makukulay at magagandang serbisyong hatid ng SERBISITA na taglay ang kultura ng lugar ay mahihikayat ang mga manunulat na magsulat ng mga akda na magpapakita ng kagandahan ng programa at kultura ng bayan ng Irosin. Magsisilbi itong babasahin na kinapapalooban ng mayamang kultura at kaugalian ng lugar. Dahil dito mas mapapayabong pa ang mga akdang tatak Irosanon. Makatutulong ito upang maipakilala ang kultura ng bayan ng Irosin sa karatig lugar nito o sa mga dayuhan.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Maraming serbisyo ang ibinibigay ng SERBISITA sa bayan ng Irosin. Mayroon ng serbisyong pangkabuhayan, pantahanan, pangkomunidad at pangkalusugan. Ang mga ito ay malaking tulong lalong-lalo na sa mahihirap ng pamilya at sa pag-unlad ng lugar. Ang SERBISITA ay mayroon ng ambag sa pamumuhay, pag-uugali at paniniwala ng mga Irosanon. Malaki ang tulong na naibibigay ng SERBISITA sa mga Irosanon. Ang mga ito ay may impak sa mamamayan, pamumuhay, kultura at panitikan. Inirerekomenda na ang SERBISITA ay dapat na ipagpatuloy at pagyamanin upang mas makilala pa ito. Ang SERBISITA ay maaaring gawan ng Municipal Resolusyon at mapaglaanan ng budget ng lokal na pamahalaan upang maipagpatuloy ito kahit na iba pa ang maupo sa pwesto sa bayan ng Irosin. Hikayatin ang mga mamamayan na suportahan pa at tangkilikin ang SERBISITA upang mas mapalawak ang ambag nito sa pamumuhay, pag-uugali at paniniwala. Maaaring hikayatin ang mga opisyal ng barangay, iba pang ahensya ng pamahalaan at mga pribadong organisayon na makiisa at makilahok sa gawaing ito upang mas maparami ang impak nito. Maaaring gumawa rin ng ganitong gawain ang bawat barangay, iba pang ahensiya/opisina ng pamahalaan at maging pribadong organisayon upang mapalawak at maipakilala ang kultura ng bayanihan at maparami pa ang ambag nito sa pamumuhay, pag-uugali at paniniwala.

## Talasanggunian


1. Menguin, Jef. (2022) Bayanihan: The Culture That Turns Ordinary Filipinos Into Heroes. Good Filipinos
2. Llumin, Cherrylyn E. (2016) Kulturang Pilipino atbp. SmARTbox. Manila, Philippines
3. Bagayas, Samantha. (2020) Pandemic can't stop bayanihan: How Filipinos took action on urgent issues in 2020. Rappler
4. Non, Anna Patricia. (2021) Community Pantry sa Pilipinas, muling bumuhay sa bayanihan sa gitna ng pandemya. SBS Filipino
5. R.A. 7160 (Local Government Code), Section 33: Cooperative Undertakings Among Local Government Units.
6. Navales, Salome E. Municipal Res. 102-2021. Resolution Institutionalizing the Serbisita sa Barangay Program by Directing each LGU Department to Provide Specific Allocation to EIC and Direct Services Provision Relevant to their Respective Office's Service Delivery. Sangguniang Bayan Session Hall of Irosin, Sorsogon

7. Siruno, Lalaine. (2021) We are Filipinos, we do bayanihan, we help each other': undocumented migrants in the Netherlands during COVID. The London School of Economics and Political Science
8. Bankoff, Greg. (2001) Cultures of Disaster: Society and Natural Hazard in the Philippines. University of Hull
9. Bureros, Narcisa S. (2020) Ang Bayanihan ni Dr. Jose P. Rizal noon At ngayon sa Lungsod ng Dapitan. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 8, No.2
10. Su, Yvonne., Lim, Ladylyn. (2016) Bayanihan after Typhoon Haiyan: are we romanticizing an indigenous coping strategy? ODI.Humanitarian Practice Network
11. Paloma, Epifamia N. (1997) The Modern Teacher. Volume XLVI No. 7
12. Guillermo, Ramon. (2012) Ang Proseso ng transkripsiyon ng mga inskripsiyon sa mga Baton ng Ticao. Social Science Diliman. SSN 1655-1524 Print / ISSN 2012-0796 Online
13. Valencia, Dan E. (2006) Proyektong Sagip-Basa: Kaugaliang Bayanihan ngmga Guro. Sun Star Pampanga 2006
14. Arcega, I., Albaladejo, E., Aleligay, A.V., Legario,W., Villarruz, M.D. (2022) COVID-19 Pandemic Bayanihan Initiatives: The CapSU Experience and Future Education Directions. Atlantis Press SARL
15. Rebustillo, Rowan L. (2018) SAMBAYANIHAN from Economic Migration to Soft-Power Evangelization towards a Trans-Disciplinary and Trans- Colonial inquiry into the Impact of Filipino Catholic Communities in Diaspora. KU LEUVEN
16. Calhoun, Alicia (2005) Culture: A Critical Review of Concepts and Definitions. DIWA-E-JOURNAL, Ateneo De Manila, Philippines
17. Panopio, I., Cordero, F., Raymundo, A. (1994) General Sociology: Focus on the Philippines. KEN, INC., Quezon City Philippines
18. Sa va, Diana and Badulescu, Alina, Cultural Employment by Level of Education (2017). Oradea Journal of Business and Economics, Volume II, Issue 2. DOI:10.47535/1991ojbe029
19. Rosela, Lovely. (2022) Pagkalimot sa Tradisyong Pilipino. Prezi Inc.
20. Bajaro, Maria Paz G. (2020) Sosyolohikal at Ekonomikal na Benepisyo ng Mga Festival sa Kulturang Sorsogonon.Sorsogon State College, Sorsogon City
21. Hofstede, G. (1997) Culture and Organizations: Software of the Mind. New York: Mcgraw Hills Inc.
22. SUNICO, R. C. (2000). 'CELLO. The Literary Review, 43(3), 379.
23. Presidential Decree No. 1505 Amending Presidential Decree No. 260, as amended, by Prohibiting the Unauthorized modification, alteration, repair and destruction of original features of all National Shrines, Monuments, Landmarks and other important Historic Edifices. Malcaῇang, Manila. 1978
24. Irshad, H., Mumtaz, Z., Levay. A. (2011) Long-term gendered consequences of permanent disabilities caused by the 2005 Pakistan earthquake. 10.1111/j.1467-7717.2011. 01265.x.
25. Gonzales, Vanessa D. (2017) Kultural at Ekonomik na Benepisyo ng Festival sa residente ng Batangas. Asia Pacific Journal of Education, Ar ts and Sciences, Vol. 4 No.2
26. Gajo, Marinhel M. (2017) Pinagmulang Kwento ng bawat Barangay sa Irosin, Sorsogon. Sorsogon State College, Sorsogon City
27. Sanchez, Louie Jon A. (2015) Ilang Eksplorasyon sa Pag-aaral ng Kulturang Popular sa Filipinas. Journal Ateneo Edu.
28. Keyaten, Genevieve. (2012) Unti-unting Pagkalimot sa Ugaling Pilipino.Attribution Non-Commercial (BY-NC)
29. Aguilos, Gecca Mae B. (2015) "Huwag Kalimutan ang Sariling Atin, Marapat lang natin itong alagaan at Muling Buhayin" Stodocu.